TAON 1 AT 2

Public education
**Discover a world of opportunities**

# AGHAM: PAG-AARAL SA TAHANAN


## AGHAM SA HARDIN

### Laro sa tubig

- Papag-isipin ninyo ang inyong mga anak tungkol sa kung saan nanggagaling ang tubig at kung saan ito pumupunta. Subukan ninyo ang kanilang mga ideya. Pintahan o wisikan nila ng tubig ang isang simentadong kalatagan at bantayan nilang mawala ang tubig.
- Mag-usap kayo tungkol sa kung paano natutuyo ang mga basang labada.
- Hugasan ninyo ang kotse. Ipapadama sa inyong mga anak ang lakas ng tubig mula sa gomang pandilig (hose). Gumawa kayo ng mga bula sa sabon. Magtanong kayo: *Saan pumupunta ang tubig at dumi?*
- Ilagay ninyo ang isang dulo ng pamunas ng kamay sa tubig at iwan ninyo ang kabilang dulo sa lupa. Tingnan ninyo ang lebel ng tubig sa pinggan pagkatapos ng limang minuto at tanungin ninyo ang inyong mga anak: *Gaano karaming tubig ang naiwan sa pinggan?* at *Bakit nangyayari iyan?*

### Ang buwan

- Isang buwan ninyong tingnan araw-araw ang buwan. Ipaguhit ninyo sa inyong mga anak ang hugis na nakikita nila at mag-usap kayo tungkol sa kung paano nagbabago ang hugis gabi-gabi. Ipalarawan ninyo sa kanila ang hugis, halimbawa: *buwang hugis-suklay, sangkapat, kalahati* at *kabilugan*. Alamin ninyo kung gaano karaming araw sa pagitan ng isang kabilugan ng buwan at ng susunod.
- Gumamit kayo ng largabista at papaghalinhinan ninyong tumingin sa largabista ang inyong mga anak at ipalarawan ninyo sa kanila ang buwan na lalong madetalye, halimbawa ang mga hukay sa ibabaw ng buwan.



Department of
**Education**

**Makakakita kayo nang higit pa na mga pahina ng mga impormasyon ukol sa pantahanang pag-aaral sa education.wa.edu.au.**

© Department of Education, Western Australia, 2015